DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RECEIVED
18 MAR 2026
CTRL No.: 2026 - 03 - 160 P

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

18 Marso 2026

KAUTUSANG PANTANGGAPAN
Blg. 160, s. 2026

**PAGPAPATUPAD SA PAGTITIPID NG ENERHIYA AT PAGGAMIT NG SASAKYANG UTILITY PARA SA OPISYAL NA PAGBIYAHE**

Sa: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Superbisor ng CID at SGOD
Mga Superbisor ng CID/SGOD at OIC-PSDS
Mga Puno ng Iba't ibang Tanggapan
Lahat ng Kinauukulan

1. Bilang pagsunod sa Memorandum Circular No. 114, s. 2026 , na may petsang 06 Marso 2026 , ang lahat ng ahensya ng gobyerno ay inaatasan na mahigpit na magpatupad ng mga protokol sa pagtitipid ng enerhiya.

2. Alinsunod sa **Section 5** ng nasabing Circular, ang Schools Division Office (SDO) ng Lungsod Iriga ay inaasahang tupdin ang sumusunod:

- Kinakailangang mabawasan ang aktwal na konsumo ng kuryente at gasolina ng **sampu hanggang dalawampung porsyento (10%-20%)**;
- Pagtatalaga kay Dr Arthur M. Ramboyong AO V, bilang Energy Conservation Officer na siyang mangangasiwa sa mga hakbang na ito;
- Regular na pagsusumite ng buwanang data ng konsumo ng koryente at gasolina;

3. Kaugnay nito at sa ilalim ng **Section 2**, muling binibigyang-diin ang pansamantalang paghihigpit sa paggamit ng mga sasakyang utility ng dibisyon:

- Ang paggamit ng DepEd utility vehicle ay pinahihintulutan lamang sa mga ***natatanging sitwasyon***, *lalo na kung ang lugar ay* ***mahirap marating*** o walang sapat at ligtas na alternatibong transportasyon;
- Ang opisyal na pagbiyahe ay para lamang sa mga mahahalagang tungkulin na hindi maaaring isagawa sa pamamagitan ng virtual meetings o ibang paraan ng komunikasyon; at
- Pagsasagawa ng *trip consolidation* o pagsasama-sama ng mga gawain sa isang biyahe upang makatipid sa gasolina.

4. Upang matiyak ang maayos na monitoring at pagsunod sa mga nabanggit na protocols, ang lahat ng gagamit ng DepEd Van ay obligadong magsumite ng mga sumusunod na dokumento sa drayber bago at pagkatapos ng biyahe:

- **Bago ang Biyahe:**
  - Aprubadong **Trip Ticket**;
  - **Memorandum** o **Authority to Travel** (Pahintulot sa Paglalakbay) na pirmado ng nararapat na awtoridad.
- **Pagkatapos ng Biyahe:**
  - **Certificate of Appearance** o **Locator Slip**;
  - Kung walang Certificate of Appearance o Locator Slip, magsumite ng **patunay na larawan** (*geotagged photo*) ng ginawang aktibidad o pinuntahang lokasyon.

5. Binibigyang-diin na ang pansamantalang hakbang na ito ay inaasahang magdudulot ng malaking matitipid sa gastusin tulad ng gasolina, maintenance ng sasakyan, at iba pang operational expenses. Ang mga matitipid na ito ay maaaring ilaan sa iba pang prayoridad na programa at gawain ng Sangay, kabilang ang mga suportang pang-instruksiyon at mga interbensyon para sa mga mag-aaral.

6. Ang kautusang ito ay mananatiling may bisa **hanggang sa may ipalabas na panibagong abiso** o hanggang sa ito ay opisyal na alisin.

7. Para sa mahigpit na pagtalima.

**MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI**
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

Sanggunian: MC_114 s. 2026

Para itala sa Perpetual Index
sa ilalim ng sumusunod na paksa:

MGA KINAKAILANGANG DOKUMENTO SA PAGBIYAHE
OPISYAL NA PAGBIYAHE
PAHINTULOT SA PAGLALAKBAY
PAGGAMIT NG DEPED UTILITY VEHICLE
PAGSASAMA-SAMA NG MGA BIYAHE (TRIP CONSOLIDATION)
PAGTITIPID NG ENERHIYA